



United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Kagamitan at Mga Sasakyan

Kung ikaw man ay bahagi ng isang malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon/ manok bilang isang libangan, maaari kang makatulong na protektahan ang mga manok ng Bansa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng iyong mga kagamitan at sasakyan na malinis at walang mikrobyo. Tiyaking alam at sinusundan ng lahat ng nakakalapit sa iyong kawan ang lahat ng mga pamamaraan upang maiwasan ang pagkalat ng mga mikrobyo at sakit.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaang anumang hindi karaniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensiyon na tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling pigilin ang sakit sa loob ng isang kawan.



Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihin ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! **Numero ng Telepono**

Beterinaryo

Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba

Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok

USDA

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

866.536.7593



Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

# ✓ Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihin ang Malusog ang Iyong Mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga tagapag-alagang pang-komersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan.

- Linisin ang mga kagamitan at sasakyan** gamit ang sabon at tubig bago at pagkatapos silang lumapit sa iyong kawan. Siguraduhing ispreyan ang mga gulong at ilalim ng mga sasakyan, kung saan may malamang na kontak sa nakakahawang bagay. Maaaring mabuhay ang mga mikrobyo ng ilang buwan—o maging ilang taon—sa maliliit na puwang na mahirap linisin.
- Huwag maghiraman ng mga kasangkapan, mga supply ng manok, o mga kagamitan sa damuhan at hardin** sa iba pang mga may-ari ng kawan o kapitbahay. Kung kinakailangan, siguraduhing linisin at disimpektahin ang mga gamit bago dumating ang mga ito sa iyong ari-arian o bago isauli ang mga ito.
- Magtatag ng mga pamamaraan para sa paglilinis at pagdisimpekta ng mga kagamitan at sasakyan.** Huwag matakot na baguhin ang mga pamamaraang ito kung makakita ka ng problema o kung may bagay na hindi epektibo o praktikal. Laging mayroong lugar para sa pagpapabuti.
- Magbigay ng malinaw at hindi pabagu-bagong tagubilin** sa lahat ng namamahala sa iyong mga kagamitan o sasakyan.
- Tukuyin ang mga landas kung saan ang mga trak, sasakyan, at iba pang kagamitan** ay maaaring maglakbay upang ma-access ang lugar ng iyong manukan. Makakatulong ito na limitahan ang pagkalat ng mga mikrobyo at sakit.
- Alamin ang mga babalang palatandaan ng sakit ng manok,** tulad ng mga pagbabago sa kung gaano karami kumain o uminom ang iyong mga manok, pagdami ng kamatayan sa iyong kawan, o pangkalahatang sakit.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihin ang malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang [www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock](http://www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock).

